# Quezon City, pinuri ng Singapore

Pinuri ng Singapore ang Quezon City sa larangan ng edukasyon dahil sa pagiging 'competitive' ng mga estudyante sa lungsod.

Ayon kay Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte, tinitingala ngayon ng Singaporean government ang Quezon City dahil sa mahusay na pamamalakad ng mga local official sa larangan ng edukasyon.

Sinabi ni Belmonte, naglaan ang Quezon City ng sapat at malaking pondo para tustusan ang edukasyon ng mga kabataan sa lungsod na labis na pinasasalamatan ng mga residente.

"Whenever there is a new pedagogy, new teaching style, there is an assessment that goes on. They consistently check whether these styles are appropriate or helpful and they are open to changing their modules of teaching," anang Bise Alkalde.

Inihayag pa ni Belmonte, inaasahan niyang patuloy na makisosyo sa Singapore lalo na't dati nang naghandog ng tulong ang nasabing bansa sa pamamagitan ng Temasek Foundation ng Singapore, Center for Livable Cities, at Urban Redevelopment Authority.

Sa bilang na 1.9 milyong mag-aaral na naka-enroll sa lungsod, ang Quezon City ang may pinakamalaking populasyon sa paaralan sa bansa. Dahil dito, tinukoy ni Belmonte ang edukasyon bilang isa sa kanyang mga pangunahing prayoridad upang madala ng pag-unlad sa mga tao. *(Mer Layson)*